OCEIA SAN FRANCISCO OFFICE OF CIVIC ENGAGEMENT & IMMIGRANT AFFAIRS

ilrc IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

SAN FRANCISCO HUMAN SERVICES AGENCY



# Welcome! 歡迎！Bienvenidos! Mabuhay!

# Para sa pagsalin wika gamit ang zoom

Sa inyong computer, ikilos ang mouse para lumitaw ang hanay ng mga opsyon sa ibaba ng inyong screen. May makikita po kayong globe/atlas dito. i-klik po ito at piliin ang Filipino.

Sa inyong smartphone, tablet o IPad, pindutin po ang inyong screen para lumabas ang mga options menu. Mag klik po sa tatlong tuldok o sa MORE option at piliin po ang LANGUAGE INTEPRETATION, matapos ito pindutin po ang FILIPINO & DONE.

*Makikita na ninyo ang globe sa inyong computer. Kung kayo ay nakakabit gamit ang smartphone, tablet o IPad hanapin lang po ang opsyon para sa pagsalin wika sa MORE o sa tatlong tuldok na menu. Huwag pong kalilimutang pindutin ang DONE matapos  ninyong piliin ang wika*

SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

**Susie Smith**, *she/her*
San Francisco Human Services Agency (SFHSA)
Deputy Director, Policy, Planning & Public Affairs

OCEIA SAN FRANCISCO OFFICE OF CIVIC ENGAGEMENT & IMMIGRANT AFFAIRS

**Val Suarez Rojas**, *They/Them*
San Francisco Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (OCEIA)



# Immigrant Legal Resource Center (Sentro ng mga pantulong Legal para sa mga imigrante)




© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Pag unawa sa pag gamit ng mga benepisyo sa imigrasyon

Erin Quinn, Senior Managing Attorney, *she/her*
Ariel Brown, Senior Staff Attorney, *she/her*

October 8, 2024

IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER
1458 Howard Street | San Francisco, CA 94103 | INFO@ILRC.ORG

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER



# Pag Access sa mga Benepisyo

Ang Public Charge ay HINDI patungkol sa kung sino lang ang eligible na makakagamit ng mga benepisyo!


Sa California, kabahagi ng maraming programa ang mga imigrate at miyembro ng kanilang pamilya.

**Halimbawa:**
Full-scope na Medi-Cal (para sa nasasakupan nito batay sa kanilang mga kinikita), anuman ang edad o estado sa imigrasyon

# Pagtugon sa mga pangangamba tungkol sa Eleksyon:

# Ano ang maaari at hindi maaaring mga pagbabago na magagawa ng administrasyon ng panibagong Pangulo tungkol sa Public Charge

# Ang Legal na awtoridad patungkol sa public charge – mula sa pinakamataas at pinakamababang awtoridad




© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano ang mga maaari at di maaaring baguhin ng Pamahalaan hingil sa Public Charge

- Ang Kongreso lang ang maaaring mag bago ng batas tungkol sa public charge
  - Malamang na hindi mababago ng kongreso ang batas sa public charge sa darating na hinaharap
- Ang isang ahensiya, tulad ng Department of Homeland Security, ay maaaring mag bago ng mga federal regulations ("rules")
  - Kailangang dumaan sa isinaad na proseso kasama na ang pagbibigay ng paunang pagpapaabot sa lahat ng mga panukalang pagbabago at pagtanggap ng pampublikong komento, na medyo matagalan
  - Sa kasalukuyan, may tuntunin tayong umiiral mula sa administrasyong Biden
- Ang mga Policy guidance ang pinakamadaling baguhin
- Ang mga pagbabagong pederal sa mga tuntunin/polisiya tungkol sa public charge ay HINDI magbabago tungkol sa kung sino lang ang maaaring gumamit ng mga benepisyo

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Anuman ang marinig ninyo sa Balita, ang mga pangunahing mensaheng ito ay nananatiling tutoo:

- Ang Public charge ay HINDI tungkol sa pag access sa benepisyo
- Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring patuloy na gumamit ng mga benepisyo at ito ay walang epekto sa public charge test ng isang kamag anak
- Maraming imigrante ang hindi naman saklaw ng public charge, dahil sila ay nagsusumite ng aplikasyon para sa imigrasyon na kung saan ang public charge test ay hindi kabahagi nito o hindi naman sila nagsusumite ng aplikasyon para sa imigrasyon!
- Kahit na subukan ng pamahalaang pederal na palitan ang public charge, hindi mababago nito ang kung sino-sino ang makaka access ng benepisyo sa California
- Kahit na sikapin ng pamahalaang pederal na baguhin ang public charge, kailangan nilang gumawa ng mga panibagong tuntunin na matatagalan at mag kakaroon tayo ng maaga at mahabang panahon para malaman ito

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER


# Maikling paliwanag (Background) hingil sa Imigrasyon: Iba't -ibang mga katayuan/estado at kalagayan o sitwasyon

# May marami at iba't-ibang sitwasyon at katayuan/estado sa imigrasyon

| | | |
|---|---|---|
| Nonimmigrant (temporary visa) hal., nasa bansa gamit ang B-2 visitor visa, H-1B, F-1 student visa | Refugee o Asylee | DACA |
| Temporary Protected Status (TPS) | Lawful Permanent Resident (LPR/may green card) | U visa o T visa |

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Mga karaniwang pagdadaanan sa proseso ng imigrasyon (Basic Immigration Pathway)




© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano po ba ang Public Charge?





# Ano po ba ang Public Charge?

Ito’y pagtatasa (assessment) para sa ilang mga aplikasyon sa imigrasyon upang alamin kung ang isang aplikante ay **malamang na aasa sa mga pampublikong benepisyo sa darating na hinaharap**

# "Public Charge"

- Patungkol sa batas sa imigrasyon na nagsasaad na sa ilang mga **tukoy na sitwasyon**, maaaring isaalang alang ng isang opisyal ng imigrasyon ang kung ang isang tao ay malamang na **palagiang aasa sa cash aid** o **pangmatagalang pangangalaga ng institusyon** sa darating na hinaharap

- Hindi saklaw ng batas na ito ang lahat ng mga imigrante

- Hindi binababago ng batas na ito ang kung sino lang ang kwalipikado para sa maraming pampublikong benepisyo at programa

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Maraming mga Imigrante ang hindi sakop ng Public Charge

- **Mga refugees** at **asylee**
- **Special Immigrant Juvenile** (SIJS)
- Biktima ng ilang krimen (Victims of certain crimes) (**U visa**)
- Biktima ng human trafficking (**T visa**)
- Karamihan ng mga legal permanent resident (**LPRs, mga nagtataglay ng "green card"**)
- **Mga U.S. citizen** at mga nag a**apply para sa U.S. citizenship**
- Iba pa (mga Amerasian, Afghan at Iraqi na tagasalin wika ng militar, ilang mga Cuban at Haitian na aplikante para sa adjustment, ilang mga Nicaraguan at mga Central American sa ilalim ng NACARA, mga aplikante sa registry, mga parolado sa ilalim ng Lautenberg amendment na mula sa mga dating bansa sa ilalim ng Unyong Soviet at mga Timog-silangang Asyano (Soviet and Southeast Asian Lautenberg parolees)

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Public Charge Test

- Para lang sa ilang mga aplikasyon sa imigrasyon
  - Kadalasan: nag aapply para sa green card sa pamamagitan ng isang miyembro ng pamilya na isang U.S. citizen o green card holder

Halimbawa: Si Yali ay nagpakasal sa isang U.S. citizen. si Yali ay pinetisyon ng kayang asawa. Batay sa kanilang kasal at petisyon, si Yali ay nag apply para maging permanent resident (green card holder). Kailangang ipakita ni Yali na hindi siya magiging isang  "public charge"

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Public Charge Test

Isang pagtatasa sa ilalim ng batas sa imigrasyon na ginamit sa 2

sitwasyon:

Kung ang isang tao

- **Ay nag apply para sa visa para makapasok sa Estados Unidos**
- **Nag apply para sa green card sa pamamagitan ng isang kapamilya na** isang U.S. citizen o may taglay na green card, o sa pamamagitan ng trabaho

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Public Charge

Maraming mga benepisyo at proseso sa imigrasyon ang WALANG public charge test:

- Nag aapply para sa DACA
- Nag aapply para sa TPS
- Nag aapply para sa SIJS
- Nag aapply para sa U visa o VAWA
- Nag aapply para sa asylum
- Ang pag kuha ng green card bilang asylee, U visa holder, o matapos ang immigration court case para sa “cancellation of removal”
- Pagbabago (renewal) ng green card at pag alis ng mga kondisyon ng 2-year green card (Form I-751)
- Nag aapply para sa naturalisasyon (aplikasyon para sa U.S. Citizenship)

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER



Kung ang isang tao ay magpapa renew ng kanilang green card, sila ba ay saklaw ng public charge?

**Hindi, walang public charge test para magpapa renew ng green card!**



Nag aaply para sa Citizenship?

**Hindi, WALANG public charge test kung ang isang green card holder ay nag aapply para sa naturalisasyon (upang maging U.S. citizen)!**



Ang mga green card holder ba ay kailangang kabahan tungkol sa pagiging public charge?

**Kadalasan, hindi**

**Subalit, kung ang may taglay ng green card ay lumabas sa U.S. AT nanatili sa labas nito ng mahigit na 180 araw o nakagawa ng mga tinutukoy na krimen, maaari silang sitáhin tungkol sa pagiging public charge sa kanilang pag tangkang makabalik**

# Halimbawa

Si Maya ay may green card at handa na siyang magpa naturalize para maging U.S. citizen. Nag aalala siya tungkol sa public charge at kung ito ay makakasamâ sa kanya.

Hindi KAILANGANG mag alala ni Maya hingil sa public charge dahil walang public charge test para magpa naturalize.

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Halimbawa

si Jesus ay may DACA at walang agarang paraan para makakuha ng green card. HINDI kailangang mangamba ni Jesus tungkol sa pag gamit ng pampublikong benepisyo o sa public charge dahil walang public charge test para mag pa renew ng DACA.

Si Chris ay naka takdang magpakasal sa isang US citizen na magpepetisyon sa kanya. KAILANGANG pag isipan ni Chris ang public charge bilang bahagi ng kanilang aplikasyon para sa green card.

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Limitasyon sa Pag gamit ng Public Charge

- Ginagamit lang para sa ilang mga tinukoy na aplikasyon
- May ilang mga kategorya ng imigrasyon ang hindi nasasakupan
- Hindi ginagamit para sa pagpapatupad/pagpapasunod ng batas

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano na po ang kasalukuyang kalagayan/estado ng Public Charge?

# Ang Biden Rule ay pinatutupad mula pa noong huling bahagi ng Disyembre, 2022!

- Ipinapatupad ang mga batas na katatapos lang natin pag usapan
- Mas pinatitibay ang matagal nang mga polisiya/tuntunin *bago pa man* sumapit ang administransyong Trump
- Naglalayon na gawing mas mahirap na baguhin ang kasalukuyang mga tuntunin/polisiya

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano ano na ang mga kaganapan hingil sa public charge…

Sa nakaraang 20+ na taon, hangang sa pagsapit ng administrasyong Trump: alinsunod sa matagal nang pag gabay mula pa noong 1999; ang matibay na affidavit of financial support ng isang sponsor ay kadalasang sapat na para ipakita na walang problema patungkol sa public charge

Nuong panahon ng adminstrasyong Trump: nakakapanindig-balahibo; bago, at mas mahigpit ng mga tuntunin sa public charge ang pinairal 2/24/2020 – 3/9/2021 (subalit kaunting mga kaso lang ang lumabas na nadeny sa panahong ito batay sa public charge)

Pagkatapos ni-Trump:

3/9/2021 – 12/22/2022: bumalik na sa dati ang mga umiiral na pag gabay nuong 1999

12/23/2022 – kasalukuyan: ang Biden final rule ang pinapatupad (na halos ay kapareho nuong mga 1999 na pag gabay

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano po ang ibig sabihin ng Public Charge

Public Charge = isang tao na malamang na palagiang aasa sa pamahalaan para sa pag tustos sa kinikita, na nakikita na umaasa na lang sa :

- **Cash assistance para tustusan ang kinikita** (SSI, TANF, CalWorks, CAPI, General Assistance)

  *O*

- **Pag papalagay sa mga Institusyon para sa pang matagalang pangangalaga (Institutionalization for long term care)** na sagot ng pamahalaan (tulad ng isang nursing home o mental health institution)

Wala nang iba pang mga benepisyo "ang binibilang" laban sa isang tao sa public charge test

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Maraming mga pampublikong programang benepisyo ang HINDI kasama sa bilang, tulad ng:

- ALIN MANG MGA benepisyo na tinanggap ng mga miyembro ng pamilya
- Children's Health Insurance Program (CHIP)
- Medicaid/Medi-Cal
- Food stamp/SNAP/CalFresh
- Section 8 - tulong sa pangungupahan at pederal na pampublikong pabahay (rental assistance and federal public housing)
- Emergency at school-based Medicaid
- Mga serbisyong nakalaan para sa komunidad sa kabuuhan nito (na kung saan ay hindi nangangailangan na malaman nino man ang kung magkano ang kinikita)
- mga benepisyo sa ilalim ng programang Women, Infants, & Children (WIC)
- mga bakuna laban sa Covid at pag gagamot dito
- Mga serbisyo para sa Pampublikong kalusugan, katulad ng libreng bakuna
- Mga serbisyong pang sustansya sa mga pagkain na nasa mga paaralan, tulad ng libre o mababang halaga ng pagkain sa paaralan
- Edukasyong pampubliko, Head Start
- Mga Earned benefit, tulad ng sa unemployment, social security retirement, worker's compensation
- Mga Tax credit
- Ano mang mga benipisyong mula sa pederal, sa estado o pamahalaang lokal bukod pa sa cash aid o matagalang pagkalagay sa mga institusyon

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ang ibig sabihin ng Public Charge

Ang mga Programa at serbisyong ginamit ng mga miyembro ng pamilya ay hindi “bibilangin” laban sa isang aplikante sa ilalim ng public charge test.

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Halimbawa

Si Laura ay walang dokumento. Ang mga anak niya ay US citizen. Ang mga anak ay kwalipikado para sa mga benepisyo. Nag aalala si Laura sa kanyang kalagayan, kung kaya't dahil dito, hindi dapat tumangap ng mga benepisyo ang kanyang mga anak.

Ang pag gamit ng mga anak ni Laura ng mga benepisyo ay hindi magbubunga ng masama para kay Laura, kung sakaling sa hinaharap na panahon ay magkaroon siya ng paraan na makapag apply para sa immigration status. Bukod pa dito, kasalukuyang hindi saklaw si Laura ng public charge test at batay sa kung aling aplikasyon ang gagamitin niya sa hinaharap, maaaring hindi din naman siya masasaklawan ng public charge.

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Halimbawa

Si Daniel ay U.S. citizen at tumatanggap ng tulong pinansyal (financial aid). Ang mga magulang niya ay walang dokumento. Nag aalala si Daniel na ang pag gamit niya ng financial aid ay makakaka samâ sa kanyang mga magulang sa panahon ng pag aaral tungkol sa public charge.

Kailangan bang mag alala ni Daniel tungkol sa financial aid at public charge?

Paano na kung si Daniel ay hindi din dokumentado?

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Kailangang tingnan ng mga opisyal ng Imigrasyon ang maraming bagay

- Ang pag tanggap ng pampublikong benepisyo na mabibilang sa pagpapasya ay isang bahagi lamang sa mga pag aaralan para sa aplikasyon!
- Ang kalagayan ng mga tao ay nagbabago!
- Ang Form I-864 Affidavit of Financial Support ay kakailanganin sa mga ganitong kaso (at nagsisilbing malakas na katibayan na malamang na ang isang tao ay hindi magiging isang public charge sa darating na panahon

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Masasaktan ba ang aking sponsor kapag ginamit ko ang mga serbisyo?

- May mga pagkakataon na kung saan ang kinikita ng sponsor ay isasaalang alang para alamin kung ang isang tao na hindi pa mamamayan ay kwalipikado para sa isang benepisyo. Ang tawag dito ay “deeming”

- Ang California walang mekanismo para hilingin sa mga sponsor na “isoli at bayaran” ang mga benepisyo na tinanggap ng isang hindi citizen na kung saan sila ang nagsilbing sponsor.

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano na ang dapat gawin ng mga indibidwal Ngayon Mismo kung nag aalala sila hingil sa Public Charge?

# Tandaan ang mga pangunahing puntong ito:

- Hindi binabago ng Public charge ang kung sino ang kwalipikado para sa pampublikong benepisyo
- Ang pampublikong benepisyo na tinatanggap ng kapamilya ay hindi kabilang dito!
- Ang Public charge ay ginagamit lang sa 2 sitwasyon: Kapag nag aapply para makapasok sa U.S. o kapag nag aapply para sa green card sa pamamagitan ng kapamilya o employer
- Maraming mga imigrante ang hindi apektado ng public charge! (VAWA, U, T, refugees, asylees, maliban na lang sa DACA at TPS kung nag aapply para sa green card sa pamamagitan ng kapamilya o employer)

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Ano ang dapat gawin ng mga miyembro ng komunidad ngayon din ?

- Magpa konsulta —unawain ang inyong kalagayan at ang mga opsyon ninyo—karamihan sa mga imigrante ay hindi naman kailangang mag alala tungkol sa mga tuntunin ng public charge.

- Kunin ang mga benepisyong kailangan ninyo!

- Makibahagi—itaas ang inyong boses para itaguyod ang mas matibay na proteksyon para sa komunidad ng mga imigrante!

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Mag ingat sa mga pandaraya!

Humingi ng tulong mula sa mapag kakatiwalaang tao o tanggapan :

- Ang mga abugado lang o lisensyado/may pahintulot (accredited) na kinatawan ang makapagbibigay sa inyo ng pagpapapayong legal

- Ang naghahatid ng legal na serbisyo ay dapat:
  - ✓ Mag bigay ng kontrata at mga resibo para sa mga siningil
  - ✓ Ipaliwanag ang proseso at sagutin ang mga katanungan
  - ✓ Sumunod sa mga tuntunin

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Mag pakonsulta

- National legal directory batay sa zip code ng mga nonprofit na naghahatid ng serbisyong legal para sa imigrasyon: ilrc.me/findhelp
- listahan ng mga piniling tagapaghatid ng serbisyong legal para sa imigrasyon sa CA: http://www.cdss.ca.gov/Benefits-Services/More-Services/Immigration-Services/Immigration-Services-Contractors

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Tukuyin ang mga Opsyong Legal

- ❑ Permanent Residence (Green Card) sa pamamagitan ng kapamilya
- ❑ Parole-in-Place para sa mga pamilya ng mga nasa Militar
- ❑ VAWA para sa mga biktima ng domestic violence
- ❑ U visa para sa mga biktima ng krimen
- ❑ T visa para sa mga trafficking victim
- ❑ Asylum
- ❑ Special Immigrant Juvenile Status para sa mga bata & kabataan na pinag malupitan, iniwanan o pinabayaan
- ❑ Pagtamo o nakakuha ng Citizenship sa pamamagitan ng magulang
- ❑ Mga opsyon batay sa trabaho

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# Karagdagang Impormasyon

ILRC:

https://www.ilrc.org/public-charge

Proteksyon para sa mga Pamilyang Imigrante:
https://protectingimmigrantfamilies.org/

NILC:
https://www.nilc.org/issues/economic-support/

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

# THANK YOU! 謝謝！¡GRACIAS! MARAMING SALAMAT PO!

Any Questions? 任何疑問？

¿Alguna pregunta?

May mga katanungan po kayo?

# Para sa mga kawaning naghahatid serbisyo ng mga benepisyo: Kung paano tutugunan ang mga tanong hingil sa Public Charge

# Tanungin po muna ang inyong sarili: Ito ba ay programa para sa benepisyo na kasama sa bilang ayon sa mga layunin ng public charge?

- Ito ba ay tanong hingil sa public charge na may kinalaman sa pagtanggap ng
  - SSI
  - TANF
  - CalWorks
  - General Assistance
  - CAPI

➢ Kung Oo, malamang na may kinalaman dito ang public charge

➢ Kung HINDI, malamang na walang kinalaman dito ang public charge. HINDI NA kailangang pag isipan pa ang public charge!

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

Apektado ba ako ng public charge kung tumatanggap ako ng food stamp?

Hindi po!

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER

Kailangan ba akong kabahan tungkol sa public charge kung may WIC ako?

Hindi po!

© 2023 IMMIGRANT LEGAL RESOURCE CENTER